Republic of the Philippines
Department of Education
Caraga Region
SCHOOLS DIVISION OF SURIGAO DEL SUR

DEPED-DIVISION OF SURIGAO DEL SUR
RELEASED
DATE: Oct. 2, 2025
TIME: 10:53

PANDIBISYONG MEMORANDUM
Blg. 416 , s. 2025

**To:** Tagamasid Pampurok
Pandistritong Tagapag-ugnay sa Filipino
Punong Guro ng mga Pampublikong Paaralan
At iba pang sangkot

**PAGGAMIT NG "GABAY" MODYUL PARA SA PAGTUTURO NG PANIMULANG PAGBASA SA FILIPINO**

1. Ang kasanayan sa panimulang pagbasa ay susi sa matagumpay na pagkatuto at patuloy na pag-unlad ng mag-aaral. Ito ang nagsilbing daan upang maging handa sila sa mas komplikadong gawain sa pagbasa nang may pag-unawa, pagsulat at pananaliksik. Dahil dito ang Sangay ng Surigao del Sur ay nagdisenyo ng 'Gabay" Modyul para gagamitin ng mga guro sa pagtuturo ng panimulang pagbasa sa Filipino sa Baitang I simula Oktobre 1, 2025 hanggang Nobyembre 28, 2025.

2. Bagama't walang asignaturang Filipino sa unang baitang, mahalaga pa ring maturuan nang maaga ang mga bata sa pagbasa ng Filipino dahil magiging tulay ito sa pagkatuto sa pagbasa sa wikang English.

3. Ang paggamit ng "Gabay" modyul ay naglalayong malinang ang kasanayan ng mga mag-aaral sa pagbasa nang may tatas at pag-unawa sa mga salita, pantig, parirala, pangungusap at talata sa Filipino.

4. Ang modyul ay may dalawampu't walong (28) aralin, kung saan ang pagkasunod-sunod ng letrang ituturo ay nakabatay sa pamamaraang Marungko. May pitong (7) bahagi ang modyul; *Balikan Natin, Pakinggan Natin, Kilalanin Natin, Bigkasin Natin, Sulatin Natin, Basahin Natin at Sagutan Natin.* Ang Portable Document Format (PDF) at Power Point Presentation files na direktang magagamit ng guro sa pagtuturo ng pagbasa ay nasa link na ito https://tinyurl.com/GABAY-MODYUL.

5. Pinapayuhan ang mga punong-guro at mga guro na gagamitin ang oras na nakalaan para mga Remedial Reinforcement or Enhancement (RRE) Activities para sa pagtuturo ng pagbasa at paggamit ng modyul. Hinihikayat din silang magbahagi ng mga hard copies ng mga modyul para sa batang nangangailangan ng ibayong suporta sa pagkatuto.

6. Narito ang panukalang araw o linggo na gugulin para sa paggamit ng modyul.

| LINGGO | PETSA | ARALIN |
|---|---|---|
| Unang Linggo | Oktobre 1-3, 2025 | Aralin 1- 3 |
| Ikalawang Linggo | Oktobre 6-10, 2025 | Aralin 4-8 |
| Ikatlong Linggo | Oktobre 13-17, 2025 | Aralin 9-13 |
| Ikaapat na Linggo | Oktobre 20-24, 2025 | Aralin 14-18 |
| Ikalimang Linggo | Nobyembre 3-7, 2025 | Aralin 19-23 |
| Ikaanim na Linggo | Nobyembre 10-14, 2025 | Aralin 24-28 |
| Ikapitong Linggo | Nobyembre 24-28, 2025 | Panapos na Pagtataya |

7. Magkakaroon ng pagtataya bawat linggo upang sukatin ang kasanayan ng mag-aaral sa napag-aralang aralin. Kung sakaling hindi pa nalinang nang gusto ang aralin, balikan ito at magbigay ng iba pang mga gawain.

8. Ang gagamiting materyal para sa panapos na pagtataya ay manggagaling sa dibisyon, samantalang ang mga lingguhang pagtataya ay sariling gawa ng guro lamang.

9. Ang pagsubaybay ng inisyatibong ito ay pangungunahan ng mga superbisor ng programang pang-edukasyon, tagamasid pampurok, at mga punong guro.

10. Hinihiling ang maaga, malawakan at dagliang pagpalaganap ng memorandum na ito.

**LORENZO O. MACASOCOL, PhD CESO V**
Tagapamanihalang Pansangay

Kalakip.: Gaya ng sinasaad
Sanggunian: Wala
Ilagay sa Palagiang Taluntunan
sa ilalim ng sumusunod na paksa

**CURRICULUM** **LEARNING RESOURCES** **LEARNING AREA FILIPINO**

CID/iga
10/01/2025
CID

2025

Kalakip Blg. 1

**PAGGAMIT NG "GABAY" MARUNGKO MODYUL PARA SA PAGTUTURO NG PANIMULANG PAGBASA SA FILIPINO**

**DISTRITO** ___________

**PAARALAN** :___________
**BAITANG** : ___________
**GURO** :___________

| Bilang | LRN | Pangalan ng Mag-aaral | Kasarian (B/L) | Gawain 1<br>Pagkilala ng Letra<br>(5 aytem) | Gawain 2<br>Pagkilala ng tunog ng letra<br>(5 aytem) | Gawain 3<br>Pagbasa ng pantig<br>(5 aytem) | Gawain 4<br>Pagbasa ng salita<br>(5 aytem) | Gawain 5<br>Pagbasa ng mga parirala o pangungusap<br>(5 aytem) | Gawain 6<br>Pagbasa nang may Pag-unawa<br>(3-5 aytem) |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| 1. | | | | | | | | | |
| | | | | | | | | | |
| | | | | | | | | | |
| | | | | | | | | | |